

OPISYAL NA PAHAYAG

Marso 8, 2021

Kontak: Pinagsamang Sentro ng Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,
562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para Sa Agarang Pahayag

Inilabas ng Lungsod ang Panukalang Batas Long Beach Recovery Act

Mahigit sa \$200 daang milyon para sa pagtulong sa pagbuti ng ekonomiya, kalusugan ng publiko, at mga hakbangin sa katatagan ng pananalapi ng kritikal na naapektuhan ng pandemyang Covid-19

Long Beach, CA - Ngayon, Ang Lungsod ng Long Beach ay naglabas ng Panukalang Long Beach Recovery Act. Ang panukalang \$207 daang milyon ay nakatuon sa iba't ibang pagbawi sa ekonomiya at panlipunan para sa mga residente ng Long Beach, may-ari ng mga negosyo, at manggagawa na kritikal na naapektuhan ng pandemyang Covid-19.

Ang Long Beach Recovery Act ay isang matapang at ambisyosong plano upang masimulan ang lokal na ekonomiya, protektahan ang kalusugan, at kaligtasan ng ating komunidad, at masiguro ang kinabukasan ng ating lungsod,” sinabi ni Alkalde Robert Garcia. “Hindi magiging posible ang plano kung wala ang suporta ng Administrasyong Biden at Kongreso.”

Sa nakaraang taon, ang Long Beach ay nagpatuloy na harapin ang maraming mga hamon sa ekonomiya at panlipunan bilang resulta ng pandemya, kasama ang pagpapasara at paghihigpit sa negosyo; mabilis na pagtaas sa kawalan ng trabaho; bigla at di inaasahang pagkawala ng kita ng malaking bahagi ng pamayanan; pagkagambala sa mahahalagang serbisyo at mga sistema na nagbibigay ng pangunahing suporta sa buhay; at napakalaki at hindi inaasahang pangangailangan sa lungsod para sa tulong mula sa mga negosyo at manggagawa sa mga sektor na pinakaapektado dahil sa mahigpit na utos batay sa [Safer at Home Health Order](#).

Kinikilala ang hindi pa nagagawang mga pang-ekonomiyang epekto ng pandemya sa mga residente ng Long Beach, mga manggagawa at may-ari ng mga negosyo, noong Disyembre 15, 2020, hiniling ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach na ang mga kawani ng lungsod ay bumuo ng isang Diskarte sa Pagbawi ng Ekonomiya upang tugunan ang mga epekto sa ekonomiya ng Covid-19.

Binabalangkas ng panukalang plano ang iba't-ibang mga pagkukusa na kinikilala sa ilalim ng tatlong pangunahing tampulan:

Pang-ekonomiyang Pagkabawi (\$51 milyong dolyar)

May kasamang isang nakatuon sa datos at patas na diskarte sa pagbawi ng ekonomiya ng lungsod, kasama na:

- Proteksyon ng Covid-19 para sa mga negosyo at hindi pangkalakal, kabilang ang pagpopondo para sa pagsusuri, suporta sa epidemolohiya, pagsubaybay sa kontrata, at mga aktibidad sa pag-uulat ng epidemolohiya upang makatulong na maprotektahan ang negosyo sa sektor ng serbisyo, mga hindi pangkalakal, manggagawa, kostumer at bisita
- Direktang tulong sa pagpopondo sa mga lokal na negosyo at manggagawa na kritikal na naapektuhan ng pandemya, higit sa lahat sa mga sektor ng industriya tulad ng mga restawran, serbeserya, bar fitness, at mga personal na serbisyo, mga organisasyong pang-sining at pangkultua at mga organisasyong hindi pangkalakal.
- Pagpopondo upang matugunan ang mga makasaysayang hindi pagkakapantay-pantay sa ekonomiya na tumitindi bilang resulta ng resesyon ng Covid-19, kasama ang paglawak ng [WorkLB](#) at karagdagang mga gawad ng [CARES Act](#) upang madagdagan ang digital literacy, at pag-akses sa teknolohiya sa mga kapitbahayang mababa ang kita, suporta ng mga manggagawa, mga sonang may kapangyarihan sa ekonomiya, at iba pang mga diskarte.
- Pagpopondo para sa City's Clean City na programa para mapanatili ang malinis na mga koridor na walang basura at mga labi ng basura at mga programa upang mabawasan ang illegal na pagtatapon para mapahusay ang pagpapanatili ng mga apektadong negosyo at pagbutihin ang kalidad ng buhay sa kapitbahayan.

Malusog at Ligas Na Pamayanan (\$72.8 milyong dolyar)

Naglalayon na tugunan ang pinakamataas na pangangailangan ng mga kasapi ng komunidad na pinaka-masamang naapektuhan ng Covid-19 na pandemya, kasama na ang:

- Mga programa upang suportahan ang kalusugan ng publiko kabilang ang libreng pagsusuri sa mga site sa lungsod at mobile na pagsusuri sa mga lugar na higit na apektado, mobile na pagsusuri, at mga materyal na pang-edukasyon para sa kaligtasan
- Patuloy na pagsuporta para sa pangunahing mga pangangailangan, kabilang ang seguridad ng pagkain, suporta sa pabahay ng mga manggagawa at karapatan sa pagpapayo, at pamamahala ng kaso para sa mga matatanda
- Patuloy na suporta para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, kabilang ang mga pansamantalang serbisyo sa tirahan, pinalawak na mga serbisyo sa mobile outreach, at pagpopondo patungo sa pagpapaunlad ng pansamantala o permanenteng pabahay
- Mga programang nakatuon sa katarungan ng pisikal at mental na pangmakamakatao; edukasyon sa maagang mag-aaral; at pag-unlad sa literasiya; at serbisyo sa pagsuporta sa pag-iwas sa karahasan; muling pagpasok at pagpapalawak ng pangkat na interbensyonista sa Long Beach Activating Safe Communities
- At patuloy na pagbibigay tulong sa mga nangungupahan sa pamamagitan ng programa ng Emergency Rental Assistance upang suportahan ang mga nangungupahan na mas mababa ang kita na nakakaranas ng hirap sa pinansyal dahil sa Covid -10

Pangseguridad ng Kinabukasan ng Ating Lungsod (\$83.2 milyong dolyar)

Binibigyang pansin ang patuloy na mga pagkukulang sa badyet at pagkalugi sa kita bilang resulta ng covid-19 upang matiyak na ang pangmatagalang pagbuti ng lungsod, kasama na:

- Pagpopondo upang mapunan ang mga reserba upang mapanatili ang balanse ng istraktura sa badyet ng lungsod
- Pagpopondo upang matanggal ang mga pagpapahinga sa lungsod (city furloughs) para sa natitirang taon ng piskal noong 2021 upang payagan ang pagpapanumbalik ng mga kritikal na serbisyo ng lungsod
- At pagpopondo para balansehin ang badyet ng piskal ng taon upang mapanatili ang serbisyo sa lungsod para sa mga residente at negosyo

“Ang panukalang pambawi sa pang-ekonomiyang ito ay hindi lamang salamin ng patuloy na hamon sa pananalapi, panlipunan, at pang-ekonomiya ng lungsod, kundi isang malinaw din na paalala ng pangako ng ating lokal na pamahalaan sa ating mga residente, may-ari ng negosyo, at buong pamayanan.” sinabi ni Tagapamahala ng Lungsod na si Tom Modica. “Ang iminumungkahi ng plano na ito ay makakatulong ng malaki sa maikli at sa pangmatagalang pagbawi sa pang-ekonomiya at katatagan ng Long Beach.”.

Input ng Komunidad at Lahing Pangmakamakatao

Ang iminumungkahing plano ay may kasamang pampublikong input at mga rekomendasyong nakuha mula sa matatag na pagsisikap sa pag-abot ng komunidad. Sa panahon ng pagbuo ng plano, ang lungsod ay nagtamo ng higit sa 30 sesyon ng pakikinig sa pamayanan at mga pampublikong pagpupulong kasama ang mga organisasyong hindi pangkalakal, mga samahan ng negosyo at mga eksperto ng industriya kung saan higit sa 350 mga pinuno at kinatawan ng pamayanan ang nagbigay ng puna tungkol sa mga pangunahing hamon, solusyon, at rekomendasyon para sa tugon sa Covid-19 at pagbawi ng ekonomiya para sa mga lokal na negosyo at manggagawa. Upang makapagtaguyod ang pag-akses sa wika, ang mga serbisyo sa pagsasalin ay magagamit sa ilan sa mga sesyon ng pakikinig at ng mga kalahok ay inalok ng oportunidad na magbigay ng kanilang mga komento sa salita, panulat, o sa pamamagitan ng mga tagasalin.

Ang mga iminumungkahing mga idinagdag na plano sa lungsod ay isinasama ang mga layunin mula sa [Economic Development Blueprint](#), [Everyone In](#), [Digital Inclusion Roadmap](#), at ang [Framework for Reconciliation](#), ay inirerekomenda ang mga pagkilos na kinakailangan upang matiyak ang pantay pantay na pang makataong pagbawi ng ekonomiya, na may pagbibigay diin sa mga populasyon na may mataas na peligro at mga pinakamahirap na sektor ng negosyo at manggagawa.

Pagpopondo

Binabalangkas ng iminumungkahing plano ang tatlong mapagkukunan ng pondo ng pederal, estado at lalawigan upang maisakatuparan ang mga pangunahing hakbangin ng plano:

- \$151 milyong dolyar mula sa pederal na American Rescue Plan Act na gagamitin para sa iba’t ibang mga nagpasimuno na nakabalangkas sa ilalim ng bawat isa sa tatlong mga pokus na lugar.

- Halos \$29 milyong dolyar sa Emergency Rental Assistance funding, kasama ang \$13.75 milyong dolyar na pondong pederal at \$14.74 milyong dolyar galing sa estado upang magamit ng eksklusibo para sa lungsod na [Emergency Rental Assistance Program](#).
- Halos \$27 milyong dolyar mula sa Centers for Disease Control and Prevention's Epidemiology and Laboratory Capacity for Prevention and Control of Emerging Infectious Diseases Grant, na tinanggap ng lalawigan ng Los Angeles, upang magamit para sa iba't-ibang mga pamumuno sa kalusugan ng publiko na nakabalangkas sa bawat isa sa tatlong mga pokus na lugar, kabilang ngunit hindi limitado sa patuloy na pagsisikap ng lungsod sa pagsusuri ng Covid-19, at pagsubaybay sa kontrata sa epidemolohiya.

Bukod pa sa mga pagkakataon sa pagpopondo upang suportahan ang mga pagsisikap ng lungsod sa pag-sekyur ng pangmatagalang pang ekonomiyang katatagan ay inaasahang muli sa taong ito at sa hinaharap. Ang tagapamahala ng lungsod ay nagbigay ng mga rekomendasyon sa kung paano gagamitin ang mga pondo at sa pag-apruba ng konseho ng isang pangwakas na plano ay higit na bubuo ng mga detalye ng programa at magsasa-ayos sa mga programa upang matiyak na natutugunan ng pondo ang pangangailangan ng naangkop.

Sa Marso 16, ang iminumungkahing plano ay ipapakita sa Konseho ng Lungsod ng Long Beach, kung saan mas susurin ito at sa huli ay maaprubahan kasama ang anumang mga pagbabago, rekomendasyon, o karagdagang input sa konseho. Ang makabuluhang input ng publiko upang ipaalam ang mga diskarte ay naibigay sa pamamagitan ng mga pagpupulong ng Economic Development and Finance Committee sa nakaraang dalawang buwan, at karagdagang komentaryo sa publiko sa ipinanukalang plano ay dadalhin sa pulong ng Federal Legislative Committee sa Marso 11 bago ang pagtatalakay ng buong Konseho ng lungsod sa Marso 16.

Basahin ang buong iminumungkahing plano dito [here](#).

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa lungsod ng Long Beach, bisitahin <http://longbeach.gov/>. Sundan sa sosyal media para sa mga bagong balita: F Facebook, Twitter, Instagram and YouTube.

###